



# Mga bagong batas upang pagtibayin ang inyong mga karapatan sa aged care (pangangalaga sa matatanda)



Mahal na mambabasa

Ito ay isang napakahalagang panahon ng pagbabago at oportunidad sa aged care, na nagbibigay sa inyo ng tinig at naglalagay sa inyo sa sentro ng inyong karanasan sa aged care.

Ang bagong *Aged Care Act 2024* (ang Batas) na sinimulan noong ika-1 ng Nobyembre 2025 ay nagbibigay sa inyo ng mga bagong karapatan sa mataas na kalidad, ligtas at matugon na pangangalaga. Dapat tiyakin ng inyong mga provider na ang inyong mga karapatan ay iginagalang at ipinagtatanggol, at na kayo ay sinusuportahan sa paggawa ng may dignidad na mga pagpapasya.

## Naghahatid ng kalinawan at pananagutan

Isang mahalagang bahagi ng bagong Batas ang pagkakaroon ng isang **independiyenteng Komisyoner ng mga Reklamo (Independent Complaints Commissioner)** upang makipagtulungan sa Aged Care Quality and Safety Commission (Komisyon ng Kalidad at Kaligtasan sa Aged Care). Ang layunin ng tungkuling ito ay upang tiyakin na may kalinawan at pananagutan kung paano tinutugunan at nilulutas ang mga reklamo at komento.

Nais namin na kayo at ang inyong pamilya at mga tagasuporta ay magkaroon ng lakas ng loob na magharap ng mga isyu at alalahanin, at ang mga ito ay isasaalang-alang nang patas at may kalinawan, na walang anumang pag-aalala tungkol sa mga maaaring maging kahihinatnan.

Kami ay nakatuon sa pagprotekta at paggamit ng inyong mga karapatan upang magtiwala kayo na ang mga bagong batas sa aged care ay maghahatid ng pangangalagang ligtas, may mataas na kalidad at tumutugon sa inyong mga pangangailangan at kagustuhan.

## Ang inyong mga karapatan ay batas

Kami ay may pagmamalaking maging bahagi ng mahalagang pagbabagong ito. Nais naming malaman ninyo na ang inyong mga karapatan ay naisa-batas sa ilalim ng bagong Batas. Ang Pahayag ng mga Karapatan ay nagsasaad na kayo ay may karapatang:

- gumawa ng mga desisyon tungkol sa sarili ninyong buhay
- hindi lamang tinatanggap ang inyong mga desisyon, kundi iginagalang pa ang mga ito
- kumuha ng impormasyon at suporta upang matulungan kayong gumawa ng sarili ninyong mga desisyon
- ipaalam ang inyong mga ninanais, pangangailangan at kagustuhan
- madamang kayo ay ligtas at iginagalang
- maigalang ang inyong kultura at identidad
- manatiling nakikipag-ugnayan sa inyong komunidad.

## Okey lang ang magharap ng alalahanin o reklamo

Kung ang inyong mga karapatan ay hindi iginagalang o ipinagtatangol, narito kami para tumulong. Hinihimok namin kayo na magharap muna ng isyu sa inyong provider hangga't maaari.

May obligasyon ang inyong provider na tiyaking ang mga proseso nila sa mga reklamo ay madaling maintindihan at ma-access, at na madama ninyo na kayo ay sinusuportahan.

Kung mas gusto ninyong hindi makipag-usap sa inyong provider, maaari ninyo kaming kontakin.

Mayroon kaming umiiral na mga proseso upang mahusay na harapin ang mga reklamo, at pilitin ang mga provider na lutasin ang problema, ibalik ang inyong pagtitiwala at hadlangan na mangyaring muli ang isyu. Kami ay nakatuon sa mga resultang pampanauli at pagpapabuti ng pangangalaga para sa inyo.

Inaasahan namin na masuportahan kayo sa mahalagang panahong ito ng pagbabago. Ang pagtiyak na mataas ang kalidad at ligtas ang aged care ay isang magkatulad na layunin na lubos naming pinagmamalasakitan.

Lubos na sumasainyo,



**Liz Hefren-Webb**  
Aged Care Quality and Safety  
Commissioner



**Treasure Jennings**  
Aged Care Complaints  
Commissioner

Sinuman ay makakapagreklamo o makakapagbigay ng komento sa pamamagitan ng pagkontak sa Aged Care Quality and Safety Commission sa **1800 951 822** (libreng tawag) o sa aming website, **[agedcarequality.gov.au](https://agedcarequality.gov.au)**

Maaari rin ninyong kontakin ang Older Persons Advocacy Network (OPAN) sa **1800 700 600**. Ang OPAN ay nagbibigay ng serbisyong libre, independiyente, at kumpidensyal upang tulungan ang mga matatandang tao na magreklamo. Maaari rin silang magtaguyod para sa inyo.

*Kinikilala ng Aged Care Quality and Safety Commission ang mga Tradisyonal na May-ari ng country sa buong Australya, at ang kanilang nagpapatuloy na ugnayan sa lupain, karagatan at komunidad. Nagbibigay-galang kami sa kanila at sa kanilang mga kultura, at sa mga Elder, sa nakaraan at sa kasalukuyan.*

Nobyembre 2025



**Telepono**  
1800 951 822



**Web**  
[agedcarequality.gov.au](https://agedcarequality.gov.au)



**Sumulat sa**  
Aged Care Quality and Safety Commission  
GPO Box 9819, in your capital city